WCB
Workers Compensation
Board of Manitoba

Isang mapagkakatiwalaang katambal, tinitiyak ang kasalukuyan at bumubuo ng isang mas ligtas na kinabukasan.

Kung kayo ay masaktan sa trabaho, kami ay narito upang tumulong.

Paano Kami Maaabot

Workers Compensation Board of Manitoba
333 Broadway, Winnipeg, MB R3C 4W3

Mag-email sa amin sa
wcb@wcb.mb.ca

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa
www.wcb.mb.ca

o tumawag sa amin sa
204-954-4321

o nang walang bayad sa
1-855-954-4321

Isumbong ang pandaraya at hindi pagsunod

Tumawag sa 204-888-8081 o walang bayad sa 1-844-888-8081
Mag-email sa **Compliance@wcb.mb.ca**

Ang LIGTAS (SAFE) na Trabaho ay responsibilidad ng lahat.
Ang pag-iwas sa mga pinsala ay mabuti para sa mga employer at mga manggagawa.
Para malaman pa, pumunta sa:

safemanitoba.com

o tumawag sa 204-957-SAFE (7233) sa Winnipeg
o 1-855-957-SAFE (7233) sa labas ng Winnipeg

SAFE WORK MANITOBA

WCB1031TL-27/03/15 Tagalog

WCB
Workers Compensation
Board of Manitoba

PAG-ACCESS NG INYONG IMPORMASYON MULA SA WCB

Pag-access ng Inyong Impormasyon mula sa WCB

Ang pagprotekta sa inyong pagkapribado ay pinakamahalaga sa lahat sa Workers Compensation Board of Manitoba (WCB). Ang pangongolekta, paggamit at pagsisiwalat ng WCB sa impormasyon ay pinamamahalaan ng tatlong bahagi ng batas:

- *Ang Workers Compensation Act (Workers Compensation Act)*
- *Ang Batas para sa Personal na Impormasyon ng Kalusugan (Personal Health Information Act, PHIA)*
- *Ang Batas sa Kalayaan para sa Impormasyon at Proteksyon ng Pagkapribado (Freedom of Information and Protection of Privacy Act, FIPPA)*

Para sa mga katanungan hinggil sa pangongolekta, paggamit o pagsisiwalat ng impormasyon sa inyong paghahabol, mangyaring makipag-ugnayan sa Opisyal ng WCB para a Pag-access at Pagkapribado (Access and Privacy Officer) sa 1-204-954-4557 o nang walang bayad sa 1-855-954-4321 extension 4557.

Pagprotekta sa Inyong Pribadong Impormasyon

Itinuturing ng WCB ang lahat ng kinakalap nitong impormasyon bilang pribado at kompidensyal. Ang mga tauhan ng WCB ay nasasaklawan ng mga patakaran sa pagiging kompidensyal na tumutulong bantayan ang inyong impormasyon at tinitiyak na hindi ito maling ibinabahagi sa iba.

Ang WCB, gayunpaman, ay maaaring ibahagi ang limitadong impormasyon sa inyong employer upang tulungan kayong bumalik sa trabaho.

Pag-access sa Inyong File

Mayroon kayong karapatan para siyasatin at matanggap ang file ng inyong paghahabol anumang oras. Kabilang dito ang bahagi ng pagsusulatan sa file ng paghahabol pati rin ang mga medikal na ulat.

Paghiling ng mga Kopya ng Inyong File

Maaari kayong humiling ng isang libreng kopya ng inyong file sa pamamagitan ng pagtanong sa namamahala ng inyong kaso o tagahatol, o sa pamamagitan ng pagtawag sa Departamento para sa Pag-access ng File (File Access Department) sa 1-204-954-4453. Mayroong bayad kung nanaisin ninyong makatanggap ng mahigit sa isang kopya ng inyong file sa paghahabol.

Pagrerepaso sa mga Kahilingan para sa Pag-access

Mayroon rin kayong karapatang bigyan ng pahintulot ang ibang tao upang ma-access ang inyong file sa paghahabol. Kung hihiling ng access ang inyong employer sa inyong file na inaapela, magkakaroon kayo ng 10 araw ng negosyo upang magbigay ng pahintulot o nakasulat na pagtutol sa kahilingan. Sa oras na iyon, maaari ninyong repasuhin ang nilalaman ng file nang personal o humiling ng isang kopya ng mga nilalaman.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng WCB upang pahintulutan ang pag-access sa inyong impormasyon, maaari kayong umapela sa desisyon sa Punong Komisyonado para sa Apela (Chief Appeal Commissioner).

Para sa karagdagang impormasyon

Para basahin ang kumpletong mga patakaran ng WCB sa Pagsisiwalat ng Impormasyon sa File, mangyaring tingnan ang mga Patakaran na 21.50.10 at 21.50.40 ng aming Manwal ng Patakaran sa wcb.mb.ca.